

# PINAGKUKUNAN NG KITA

## SHEET NG IMPORMASYON



Civil Rights  
Department  
STATE OF CALIFORNIA

**“OO, SEKSIYON 8!” ANG TULONG SA UPA AT ANG MGA VOUCHER SA PABAHAY AY PROTEKTADO NA MULA SA DISKRIMINASYON! SIMULA ENERO 1, 2020, HINDI KA NA MAAARING TANGGIHAN NG MGA MAY-ARI NG BAHAY AT TAGAPAGKALOOB NG PABAHAY DAHIL IKAW AY TUMATANGGAP NG TULONG SA UPA O NG VOUCHER.<sup>1</sup>**

Kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng diskriminasyon sa pabahay batay sa iyong protektadong estado kabilang ang pinagkukunan ng kita, magsampa ka ng reklamo.

### UPANG MAGSAMPA NG REKLAMO

**Departamento ng Mga Karapatang Sibil**  
[calcivilrights.ca.gov/complaintprocess](http://calcivilrights.ca.gov/complaintprocess)  
Walang Bayad: 800.884.1684  
TTY: 800.700.2320

<sup>1</sup> Kabilang dito ang tulong sa pabahay mula sa anumang pederal, pang-estado, o lokal na benepisyo sa pabahay o programa sa subsidy o tulong na pera, o anumang tulong pinansyal na nagbibigay ng tulong sa upa, tulong sa depositong panseguridad, o subsidy sa pabahay. Maaaring kasama sa mga karagdagang uri ng mga subsidy sa pabahay ang Pansuportang Pabahay ng Mga Ugnayang Pambeterano (Veterans Affairs Supportive Housing, VASH), Programa sa Pag-iwas sa Kawalan ng Tirahan at Mabilis na Bagong Pabahay (Homelessness Prevention and Rapid Re-Housing Program), Mga Oportunidad sa Pabahay para sa mga Taong may AIDS (Housing Opportunities with AIDS, HOPWA), Mga Programa sa Tulong sa Depositong Panseguridad (Security Deposit Assistance Programs), at iba pa.

## 6 NA BAGAY NA DAPAT MONG MALAMAN

1. Hindi maaaring mag-anunsiyo o maghayag ng preperensiya ang mga may-ari ng bahay at tagapagkaloob ng pabahay para sa mga nangungupahang may partikular na mga pinagkukunan ng kita. Halimbawa, “Walang seksiyon 8; mayroong wait list para sa mga taong may mga voucher o kasama sa mga programa.”
2. Hindi maaaring tumanggi ng application, magpataw ng mas mataas na deposito o bayad sa upa, o tratuhin ka nang iba ng mga may-ari ng bahay o tagapagkaloob ng pabahay batay sa paggamit ng voucher ng seksiyon 8 o iba pang subsidy sa pabahay.
3. Hindi maaaring tumanggi o ipagpaliban ng may-ari ang mga pagkukumpuni sa iyong tahanan (apartment o tirahan) dahil nagbabayad ka ng upa na may uri ng tulong sa publiko o pabahay.
4. Hindi maaaring tumanggi ang mga may-ari ng bahay o tagapagkaloob ng pabahay na pumasok sa kasunduan sa pagpapaupa o mag-renew nito dahil gumagamit ka ng voucher sa pabahay ng seksiyon 8 o iba pang subsidy sa pabahay. Halimbawa, “Hindi ako kukuha ng seksiyon 8 para sa iyong unit. Kailangan mong lumipat.”
5. Hindi maaaring itigil o tapusin ng mga may-ari ng bahay o tagapagkaloob ng pabahay ang anumang pangungupahan dahil gumagamit ka o pinaplano mong gamitin ang isang voucher ng seksiyon 8 o iba pang subsidy sa pabahay.
6. Kung gumagamit ka ng tulong sa upa o isang voucher ng seksiyon 8, maaari lamang isaalang-alang ng tagapagkaloob ng pabahay ang bahagi ng iyong upa kapag nagdedesisyon kung papaupahan ito sa iyo. Kung gumagamit ang isang may-ari ng bahay o tagapagkaloob ng pabahay ng isang pampinansiyal o batay sa kita na pamantayan na hindi lamang batay sa bahagi ng upa na kailangan mong bayaran, gumawa ang iyong tagapagkaloob ng pabahay ng labag sa batas na diskriminasyon sa pabahay.

**Mayroon kang karapatang maging malaya mula sa pag-uugali o komentong nagha-harass, nandidiskrimina, o nagbabanta, na ginawa batay sa iyong pinagkukunan ng kita, pati na rin ang mula sa mga ibang nangungupahan.**